DOI: https://doi.org/10.15631/ubafrj.v2i1.207

# Pagsusuring Pangnilalaman ng Nobelang El Filibusterismo: Mungkahing Gabay ng Pagtuturo

**JANILIE E. DABALOS**
Department of Education,
Candabong National High School Candabong,
Anda, Bohol

***Corresponding author: janilie.dabalos@deped.gov.ph***

## ABSTRAK

***Article History***

Submission: March 11, 2024
Revised: June 27, 2024
Accepted: August 6, 2024
Publication: September 2024

***Keywords***— Pagsusuri, Nobela, Elemento, Kasanayan sa Pagtuturo, Pagpapahalagang Moral, Implikasyon, Gabay ng Pagtuturo

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang nilalaman ng nobelang El Filibusterismo ni Jose P. Rizal batay sa mga elementong itinatampok: tema, tauhan, tagpuan, himig, at simbolismo. Gayundin ang pagpapahalagang moral, makabuluhang tampok na nangingibabaw sa bawat kabanata at ang implikasyong kinalabasan sa nobelang ito sa kasanayan sa panitikang Filipino upang makabuo ng gabay ng pagtuturo. Ginamit ang Kwalitatibo na pagsusuri sa pag-aaral na ito. Sinuri ng mananaliksik ang limang elemento sa nobela. Gamit ang isinaayos nina Lolita Samson- Edonia at Flerida S. Banaticla na aklat ng El Filibusterismo na nailimbag sa Vicente Publishing House, Inc. taong 2005, bilang instrumento sa pag-aaral. Natuklasan sa isinagawang pag-aaral na ang elementong itinatampok sa nobela batay sa tema ay tumatalakay sa paghahari ng kasakiman, isyung panlipunan, politikal, at relihiyon; sa tauhan ay nagtataglay ng bilog at lapad na uri, protagonista at antagonista, pantulong na tauhan rin sa katangian; nailarawan naman nang maayos ang tagpuan sa bawat kabanata ng nobela naging bahagi sa kanilang pamumuhay, naghubog sa katauhan at nakadagdag sa damdaming kanilang naramdaman; nagkakaibang

© Christian T. Galgao (2025). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang medium o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

himig naman ang namayani sa nobela gaya ng pagnanais na makapaghiganti, galit, poot, pagsasakripisyo kung saan ito ang sumasalamin sa mga dinaramdam ng mga tauhang namayani sa akda. Ipinapakita rin sa nobela ang iba't ibang katauhan ng El Filibusterismo na kung saan ang mga tauhan ring ito ang sumisimbolo sa mga bagay, tao, lugar at katangian na nagpapahiwatig ng ibat-ibang kahulugan. Natuklasan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw sa akda na ang bawat simula ay may katapusan, piliin ang kalangitan sa halip na kasamaan at kadiliman, ang karunungan ay hindi maagaw kanino man, ang mabuting pinuno ay mabuting tagasunod, pagmamahal, pananalig sa Diyos.Natuklasan din ang mga implikasyong maidudulot ng kinalabasang kasanayan sa pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino. Ang nabuo mula sa pananaliksik na ito ay isang gabay ng pagtuturo. Maaaring gamitin ang gabay sa pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino upang mas maging makabuluhan ang pagkatuto mga mag-aaral.

## INTRODUKSYON

Likas sa bawat bansa ang pagkakaroon ng mayamang panitikan na itinuturing na yaman, sapagkat nagpapakita ito ng kasaysayan, kaugalian, at tradisyon ng sambayanan. Sa Pilipinas, mahalaga ang panitikan sa edukasyon sapagkat bahagi ito ng kurikulum at ginagamit upang ipakita sa mga mag-aaral ang kultura at diwang Pilipino. Sa mga akdang kinagigiliwan ay ang mga Akdang Tuluyan tulad ng nobela, pabula, at kwentong bayan, gayundin ang mga Akdang Patula tulad ng awit, korido, at salawikain. Partikular na ang nobela, na isa sa pinakamayamang anyo ng panitikan, ay naging mahalaga noong ika-18 siglo at naglalaman ng mga kabanatang nakatutok sa damdamin at kamalayang panlipunan ng mambabasa.

Isa sa mga tanyag na nobela sa bansa ay ang *El Filibusterismo* ni Jose Rizal, na inialay sa tatlong paring martir, GOMBURZA, at nagsilbing karugtong ng *Noli Me Tangere.* Isinulat ito ni Rizal sa layuning maipakita ang mga suliraning kinakaharap ng mga Pilipino sa ilalim ng mga Kastila, na naging inspirasyon ng mga mambabasa upang maghangad ng pagbabago sa lipunan. Ang nobelang ito, na may tatlumpu't siyam na kabanata, ay isinulat ni Rizal sa iba't ibang lugar sa Europa at sa tulong ng kaibigang si Valentin Ventura, ay nailathala noong 1891.

Bilang guro ng Filipino sa Baitang 10, mahalagang maipaunawa ng isang guro ang nilalaman ng nobela upang lubos itong maunawaan ng mga mag-aaral. Higit pa rito, layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang mga elemento ng nobela sa bawat kabanata upang makapagturo ng mga aral sa mga mag-aaral, lalong-lalo na sa pamamagitan ng Teoryang Realismo ni Aristotle (1900), Sosyolohikal na teorya ni Allan (2006), at Hermeneutic teorya ni Friedrich Schleiermacher (1768-1834) na nagbibigay-linaw sa makasaysayang konteksto ng *El Filibusterismo.*

Sa kabila ng teknolohikal na pagbabago sa edukasyon, itinuturing pa ring

mahalaga ang pag-aaral ng panitikan upang mapanatili ang kasaysayan at diwang Pilipino.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang nilalaman ng El Filibusterismo ni Jose P. Rizal, bilang batayan sa pagmungkahi upang mapahalagahan at magamit sa pagbabahagi ng mga mahalagang kaalaman sa mag-aaral, nagnanais itong masagot ang mga sumusunod na katanungan:

Ang pag-aaral na ito ay naglayong tukuyin ang makabuluhang tampok sa nobelang El Filibusterismo batay sa mga elementong tema, tauhan, tagpuan, himig, at simbolismo, at ang nangingibabaw na pagpapahalagang moral sa bawat kabanata. Tatalakayin din kung may namamayani bang makabuluhang tampok sa bawat kabanata ng nobela. Susuriin ang implikasyon ng mga natuklasan sa pagtuturo ng panitikan, partikular sa paglinang ng kritikal na pag-unawa at pagpapahalaga ng mga estudyante sa mga akdang may kasaysayang konteksto. Mula rito, magmumungkahi ang pag-aaral ng isang gabay sa pagtuturo na naglalayong hikayatin ang pagkamakabayan at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng kwalitatibong uri ng pananaliksik na kung saan kinapapalooban ng matamang pagsisiyasat upang masuri at matukoy ang nilalaman sa akdang El Filibusterismo ni Jose P. Rizal. Ang pag-aaral rin ay inaasahang makagawa ng gabay sa pagtuturo bilang awtput ng mananaliksik upang magamit sa pagtuturo sa panitikang Filipino.

Ang pag-aaral na ito ay isang pagtatangka na pag-aralan at masuri ang mga nilalaman ng bawat kabanata ng El Filibusterismo ni Dr. Jose P. Rizal upang magamit bilang batayan sa pagpapausbong ng wika at panitikan sa pamamagitan ng paggamit sa talakayang pangklasrum, at sa pamamagitan ng awtput ng mga mag-aaral ay i-upload ito sa social media upang maibahagi sa mga mamamayan ang kaugnay sa nilalaman ng nasabing nobela.

Ang mananaliksik ay naghanap ng aklat ng nobelang El Filibusterismo na may tatlongpu't siyam na kabanata, ito'y babasahin ng makailang beses para sa malalimang pagsusuri upang maisakatuparan ang gawaing pag-aaral. Sa pagsusuri sinunod ng mananaliksik ang mungkahing hakbang: (1) Pag-unawa sa kahingian ng pag-aaral at pagtatala ng datus para sa layuning pagkatasa; (2) Susuriin ng mananaliksik ang nilalaman ng El Filibusterismo batay sa suliraning nabanggit.

Ang mananaliksik ay gumamit ng aklat na El Filibusterismo ni Dr. Jose P. Rizal na isinaayos nina Lolita Samson- Edonia at Flerida S. Banaticla na nailimbag sa Vicente Publishing House, Inc. taong 2005, ito ang ginamit bilang instrumento sa pag-aaral. Ang mananaliksik ay sumangguni sa Dekana ng Paaralang Gradwado para sa pagsasagawa ng pagsusuri sa nilalaman ng nobelang El Filibusterismo, isinangguni ang nasabing akdang nobela sa tagapayo at ito ay binigyan ng pahintulot.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Inilahad ang ginawang pagsusuri gamit ang talahanayan sa mga kabanata ng nobelang El Filibusterismo ni Jose P. Rizal batay sa elemento, makabuluhang tampok na nangingibabaw sa bawat kabanata, pagpapahalagang moral at ang implikasyon ng mga kinalabasan.

**Tema.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 1 na pinamagatang "Sa Kubyerta" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **pagbabalik ni Crisostomo Ibarra bilang Simoun at ang suliranin sa Ilog Pasig.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 2 na pinamagatang "Sa Ilalim ng Kubyerta" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **pagpaplanong pagpapatayo ng Akademya ng Wikang Kastila at Pagtanggi ni Basilio at Isagani sa inom ng serbesa.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 3 na pinamagatang "Ang Alamat" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang alamat ay salamin ng kultura't paniniwala.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 4 na pinamagatang "Si Kabesang Tales" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang pagkakaapi ni Kabesang Tales.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 5 na pinamagatang "Ang Noche Buena ng Isang Kutsero" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang prusisyon para sa Noche Buena.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 6 na pinamagatang "Si Basilio" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **alaala ng isang anak, pagsisikap ni Basilio at ang pag-aaral niya sa Medisina.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 7 na pinamagatang "Si Simoun" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang paghimok ni Simoun kay Basilio na makianib sa kanya.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 8 na pinamagatang "Maligayang Pasko" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang sakripisyo ng isang anak para sa magulang.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 9 na pinamagatang "Ang mga Pilato" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **paghuhusga sa pamilya ni Kabesang Tales.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 10 na pinamagatang "Kayamanan at Karalitaan" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang taong nagigipit ay sa patalim kumakapit.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 11 na pinamagatang "Los Baños" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang pagsang-ayon tungkol sa pagpapatayo ng Akademya ng Wikang Kastila**. Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 12 na pinamagatang "Placido Penitente" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **kahalagahan ng karunungan sa isang mag-aaral.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 13 na pinamagatang "Ang Klase sa Pisika" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang isang mag-aaral ay repleksyon ng isang guro.**

Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 14 na pinamagatang "Sa bahay ng mga Mag-aaral" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang pagpaplano para sa Akademya ng wikang Kastila.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 15 na pinamagatang "Si Ginoong Pasta" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang pagtanggi ni Ginoong Pasta kay Isagani.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 16 na pinamagatang "Ang Kapighatian ng Intsik" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **mga problema ni Quiroga at ang pagtatanghal ng perya sa Quipo.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 17 na pinamagatang "Ang Perya sa Quipo" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang mapapanood sa Perya at ang mga iskulturang Pinoy.**

Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 18 na pinamagatang "Mga Kadayaan" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang tanghalan na pinangungunahan ni Mr. Leeds at ang hinaing ng espinghe sa mga prayle noong unang panahon.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 19 na pinamagatang "Ang Mitsa" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang pagsuway sa magulang at ang labis na pagkagalit ang maghahatid sa paghihiganti.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 20 na pinamagatang "Ang Nagpapasya" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang makatarungang pamumuno ni Don Custodio.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 21 na pinamagatang "Mga ayos ng Maynila" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang pagtatanghal ng mga Pranses.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 22 na pinamagatang "Ang Pagtatanghal" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang mga ugali ng mga manonood ng teatro at ang pagsang-ayon ni Don Custodio sa Akademya.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 23 na pinamagatang "Isang Bangkay" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang sakripisyong pag-aalaga ni Basilio kay Kapitan Tiyago at ang pagkalaman ni Simoun na patay na si Maria Clara.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 24 na pinamagatang "Mga Pangarap" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang pangarap ni Isagani para sa Bayan.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 25 na pinamagatang "Tawanan at Iyakan" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang pagdiriwang ng mga nabigong mga mag-aaral.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 26 na pinamagatang "Ang Paskil" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang pakay ni Basilio kay Macaraig at ang nangyaring kaguluhan sa Unibersidad na sangkot ang mga mag-aaral.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 27 na pinamagatang "Ang Prayle at ang Pilipino" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang palitan ng opinion at paninindigam ni**

**Isagani at Padre Fernandez.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 28 na pinamagatang "Mga Katatakutan" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang sanhi sa pagtitiwala sa sabi-sabi.**

Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 29 na pinamagatang "Ang Huling salita kay Kapitan Tiayago" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang pamana ni Kapitan Tiyago at ang paglalarawan sa libing ni Kapitan Tiyago.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 30 na pinamagatang "Si Juli" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang pag-aalala ni Juli kay Basilio, ang ginawang sakripisyo ni Juli at ang pagtulong ni Hermana Bali kay Juli.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 31 na pinamagatang "Ang Mataas na Kawani" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang paglaya ng mga estudyante, pinagtanggol ng mataas na kawani si Basilio at ang paninindigan at tungkulin bilang isang isang pinuno.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 32 na pinamagatang "Ang Ibinunga ng mga Pasakit" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **napatigil sa pag-aaral ang ibang etudyante, kahalagahan ng Edukasyon at pagpili ni Paulita kay Juanito.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 33 na pinamagatang "Ang Huling Matuwid" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang pagdating ni Basilio, mithiin ni Basilio sa kanyang paglaya at ang masamang plano ni Simoun.**Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 34 na pinamagatang "Ang Kasal" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **mga naiisip ni Basilio habang naghihintay ng oras at paglalarawan ng Engrandeng Kasal.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 35 na pinamagatang "Ang Pagdiriwang" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **pagsalubong ng bagong kasal at ang pangingibabaw ng kabutihan sa kasamaan.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 36 na pinamagatang "Ang Kapighatian ni Ben Zayb" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **katangian ni Ben Zayb.**

Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 37 na pinamagatang "Ang Hiwaga"ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang lihim ni Isagani.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 38 na pinamagatang "Kasawian" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang pangkat ni Matanglawin at ang pamahalaan at mahirap na mamamayan.** Inilahad sa masusing pagsusuri sa Kabanata 39 na pinamagatang "Katapusan" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang tema ay natutungkol sa **ang nilalaman ng liham na natanggap ni Padre Florentino, ang ipinagtapat ni Simoun sa Pari bago wakasan ang kanyang buhay at ang lahat ay may katapusan.**

**Tauhan.** Inilahad sa pag-aaral na sa Kabanata 1 hanggang Kabanata 39 ang mga sumusunod ang mga tauhan: **Simoun** - ang mayamang mag-aalahas, na nakasalaming may kulay, na umano'y tagapayo ng Kapitan Heneral

ngunit siya ay si Juan Crisostomo Ibarra na nagbalik upang maghiganti sa kanyang mga kaaway, tinuturing na tauhang bilog at protagonista sa nobela. **Isagani** ang makatang kasintahan ni Paulita, pamangkin ni Padre Florentino, tinuturing na tauhang lapad at protagonista sa nobela. **Basilio** - ang mag-aarál ng medisina at kasintahan ni Juli, tauhang lapad at protagonista sa nobela. **Kabesang Tales** - ang naghahangad ng karapatan sa pagmamay-ari ng lupang sinasaka na inaangkin ng mga prayle, tauhang lapad at protagonista. **Tandang Selo** - ama ni Kabesang Tales na nabaril ng kaniyang sariling apo, tauhang bilog at protagonista sa nobela. **Senyor Pasta** - Ang tagapayo ng mga prayle sa mga suliraning legal, tauhang lapad at antagonista. **Ben Zayb** - ang mamamahayag sa pahayagan na si Ibañez, tauhang lapad at pantulong na tauhan. **Placido Penitente** - ang mag-aaral na nawalan ng ganang mag-aral sanhi ng suliraning pampaaralan, tauhang bilog at pantulong na tauhan. **Padre Camorra** - ang mukhang artilyerong pari, tauhang lapad at antagonista. **Padre Fernandez** - ang paring Dominikong may malayang paninindigan, tauhang lapad at pantulong na tauhan. **Padre Salvi** - ang paring Franciscanong dating kura ng bayan ng San Diego, tauhang lapad at antagonista sa nobela. **Padre Florentino** - ang amain ni Isagani, tauhang lapad at antagonista. **Don Custodio** - ang kilalá sa tawag na Buena Tinta, tauhang lapad at antagonista. **Padre Irene** - ang kaanib ng mga kabataan sa pagtatatag ng Akademya ng Wikang Kastila, tauhang lapad at antagonista. **Juanito Pelaez** - ang mag-aarál na kinagigiliwan ng mga propesor; nabibilang sa kilalang angkang may dugóng Kastila, tauhang lapad at antagonista. **Macaraig/Makaraig** - ang mayamang mag-aaral na masigasig na nakikipaglaban para sa pagtatatag ng Akademya ng Wikang Kastila ngunit biglang nawala sa oras ng kagipitan, tauhang lapad at antagonista. **Sandoval** - ang kawaning Kastila na sang-ayon o panig sa ipinaglalaban ng mga mag-aaral, tauhang lapad at antagonista. **Donya Victorina** - ang mapagpanggap na isang Europea ngunit isa namang Pilipina; tiyahin ni Paulita, tauhang lapad at antagonista. **Paulita Gomez** - kasintahan ni Isagani ngunit nagpakasal kay Juanito Pelaez, tauhang lapad at protagonista.

**Tagpuan.** Inilahad sa Kabanata 1 hanggang sa Kabanata 39 na ang mga tagpuan sa nobela ay ang mga sumusunod: **Bapor Tabo** - naglalakbay sa Ilog Pasig papuntang Laguna. Hugis tabo ito at malaki na nahahati sa dalawang lebel ang itaas at ibaba ng kubyerta. **Ibabaw ng Kubyerta** - nakapuwesto o makikita ang matataas/mayayamang tao**. Ilalim ng Kubyerta** - nakapuwesto ang mahihirap o nasa mababang antas ng lipunan. **San Diego. Gubat ng mga Ibarra** - nagbigti ang ninuno ni Ibarra sa puno ng balete. **Illalim ng puno ng balete -** nakalibing sina Sisa at ang lalaking ketongin. Dito rin nahukay ni Simoun ang alahas. **Laguna** - lugar kung saan patungo ang bapor tabo. **Lupa ni Tales -** kinamkam/kinuha ng mga prayle.

**Himig.** Inilahad sa ginawang masusing pagsusuri sa **Kabanata 1 hanggang sa Kabanata 39** na ang himig sa mga sumusunod na kabanata ay may **pagkainis, kapritsohan, kasagwaan ng pag-uugali, pagkapositibo, pagkamangha**

**at pagka interisado, kapighatian at kawalan ng pag-asa, kawalan ng awa, pagkalungkot at pagkatakot, labis na pighati, pagkatakot at pagkabahala, pagkalungkot, pagkahabag, pagkababa at pagka maralita, pagtanaw ng utang na loob, pagkainis at pagkabagot, mayabang at mapagbiro na kaklase, pangungutya, pagka-inis at pagkakaisa at pagiging positibo, pagkadismaya at pagkabigo, masaya at puno ng kagandahan, pagkamatarungan at pagkamahusay, Pag-aalinlangan, pagkasabik, pagkaapurado at pagkabagot, pagkamatiyaga at mabuting tao, pagmamahal sa bayan at sa kasintahan**. Ganito mailalarawan ang mga himig na nangingibabaw sa mga kabanatang nabanggit.

**Simbolismo.** Ipinapakita sa bawat kabanata ng nobela Kabanata 1 hangang Kabanata 39 na ang iba't ibang katauhan ng El Filibusterismo na kung saan ang mga tauhan ring ito ang sumisimbolo sa mga bagay, tao, lugar at katangian na nagpapahiwatig ng ibat- ibang kahulugan. Na kung saan makikita natin na ang bawat simbolo ay hanggang ngayon ay atin paring nakikita, nararanasan at ginagawa.

**Pagpapahalagang Moral.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 1 na pinamagatang "Sa Kubyerta" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa ang **bawat pagwawakas ay may isang bagong simula.**

Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 2 na pinamagatang "Sa Ilalim ng Kubyerta" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ipinaglalaban ang pagkapantay-pantay ang pagpapatayo ng Akademya ng Wikang Kastila** na isinusulong ng mga mag-aaral ay isang adhikain upang lubos na maunawaan ng mga mag-aaral na Pilipino ang mga itinuturo ng mga prayle. Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 3 na pinamagatang "Ang Alamat" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **mga alamat ay salamin sa kultura't paniniwala natin**. Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 4 na pinamagatang "Si Kabesang Tales" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **walang mang-aalipin kung walang paaalipin.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 5 na pinamagatang "Ang Noche Buena ng Isang Kutsero" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang batas ay patnubay sa buhay**. Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 6 na pinamagatang "Si Basilio" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **hindi hadlang ang kahirapan para maabot ang tagumapay na minimithi.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 7 na pinamagatang "Si Simoun" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang pag-ibig sa bayan at ang Wika ang kululuwa ng isang bansa,** ito ang pagpapahalagang moral na namayani sa kabanatang ito. Sa ginawang

masusing pagsusuri sa Kabanata 8 na pinamagatang "Maligayang Pasko" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **para sa pagmamahal sa pamilya ay kakayanin ang lahat,** ito ang pagpapahalagang moral sa kabanatang ito na namayani sa katauhan ni Juli. Sa Kabanata 9 na pinamagatang "Ang mga Pilato" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **huwag nating hatulan ang ating kapwa upang hindi tayo hahatulan ng Diyos.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 10 na pinamagatang "Kayamanan at Karalitaan" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **oras ng kagipitan wari pag-isipan nang mabuti kung ano ang tama sa mali.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 11 na pinamagatang "Los Baños" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang karunungan ang sandigan upang makamit ang kaunlaran ng bayan.** Sa Kabanata 12 na pinamagatang "Placido Penitente" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang malalim na pagpapahalaga sa pag-aaral.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 13 na pinamagatang "Ang Klase sa Pisika" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang pag-aaral ay mahalaga at masaya kung ang ating paaralan ay nagbibigay sa atin ng maayos na kaalaman, may gurong nagbibigay inspirasyon upang tayo'y matuto at may kaklaseng tinutulangan tayo upang magpatuloy.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 14 na pinamagatang "Sa bahay ng mga Mag-aaral" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **kung ayaw ay may dahilan, kung gusto ay may maraming paraan.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 15 na pinamagatang "Si Ginoong Pasta" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang**. Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 16 na pinamagatang "Ang Kapighatian ng Intsik" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **maging maingat at maging matalino sa mga desisyon sa buhay.** Sa Kabanata 17 na pinamagatang "Ang Perya sa Quipo" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang tanghalan at eskultura ay sining na yaman ng isang bayan o bansa**.

Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 18 na pinamagatang "Mga Kadayaan" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang ating budhi ay salamin sa ating pagkatao**. Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 19 na pinamagatang "Ang Mitsa" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **mga desisyon sa buhay wag nating pagsisihan ang mga bagay na mas pinili natin na sa**

**tingin natin ay tama.** Sa Kabanata 20 na pinamagatang "Ang Nagpapasya" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang pinunong mabuti at matapat, gabay ng bayan sa pag-unlad.** Sa Kabanata 21 na pinamagatang "Mga ayos ng Maynila" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **wastong patnubay ang kinakailangan sa panoorin ng mga kabataan**, ito ang mahalagang moral na namayani sa kabanatang ito. Sa Kabanata 22 na pinamagatang "Ang Pagtatanghal" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **kung tayo ay manonood ng isang pagtatanghal at pakaisipin kung ano ang dapat iasal at gawin.** Sa Kabanata 23 na pinamagatang "Isang Bangkay" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang buhay ng tao ay puno ng pakikipagsapalaran**. Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 24 na pinamagatang "Mga Pangarap" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang pangarap at bawat panaginip na mayroon ay isang tao ay maaring matamo at makuha kung sasamahan ng tiyaga at sipag.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 25 na pinamagatang "Tawanan at Iyakan" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **maari pa ring magsaya sa kabila ng kabiguan dahil ang buhay ng tao ay sadyang ganyan**. Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 26 na pinamagatang "Ang Paskil" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang kamalayang panlipunan ay katangian ng mabuting mamamayan.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 27 na pinamagatang "Ang Prayle at ang Pilipino" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **pagsabi ng katutuhanan.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 28 na pinamagatang "Mga Katatakutan" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang naniniwala sa haka-haka ay walang mabuting maidudlot,** ito ang pagpapahalagang moral na namayani sa kabanatang ito. Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 29 na pinamagatang "Ang Huling salita kay Kapitan Tiayago" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **hangga't buhay pa ay gumawa ng mabuti** dahil hindi natin alam ang nakatakdang oras para sa atin. Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 30 na pinamagatang "Si Juli" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **sadyang mahiwaga ang pag-ibig, gagawin ang lahat kahit ikakasira pa ito ng dangal at puri.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 31 na pinamagatang "Ang Mataas na Kawani" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang mabuting**

**pinuno ay mabuting tagasunod.** Sa kabilang dako, **palaging api ang mga nasa laylayan.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 32 na pinamagatang "Ang Ibinunga ng mga Pasakit" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang edukasyon ay kayamanang di mananakaw kanino man,** sa kabanatang ito mababasa ang kahalagahan ng edukasyon sa mga Indiong mag-aaral ngunit bunga ng pagkatakot sa Unibersidad ay pinatigil na lamang ng ilang mga magulang ang pag-aaral ng kanilang anak upang di na madamay sa isyung panlipunan.

Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 33 na pinamagatang "Ang Huling Matuwid" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **walang antas ng buhay ang pinipili sa desisyong makapaghiganti.** Sa Kabanata 34 na pinamagatang "Ang Kasal" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang kasal ay pinaghahandaan at pinaka importanting kaganapan sa dalawang nag-iibigan**. Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 35 na pinamagatang "Ang Pagdiriwang" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang labis na pag-ibig ay nakakabulag,** mas matimbang na ang kayamanan kaysa sa mga pangarap ngunit mas matimbang ang pag-ibig gaano man kasakit. Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 36 na pinamagatang "Ang Kapighatian ni Ben Zayb" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **ang katutuhanan ang magpapalaya sa atin,** sa ginawang pagmamalabis sa pagpapahayag na inilathala ni Ben Zayb makikita na walang maidudulot na tama ang hindi makatarungan. Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 37 na pinamagatang "Ang Hiwaga" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **totoong may pakpak at balita at may tainga ang lupa.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 38 na pinamagatang "Kasawian" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **maraming kaguluhan ang gawa ng tao at ng sistemang kanyang kinabibilangan.** Sa ginawang masusing pagsusuri sa Kabanata 39 na pinamagatang "Katapusan" ito ay nagpapakita ng paglalahad na kung saan ang pagpapahalagang moral na nangingibabaw ay natutungkol sa **kung ang pagiging mabuti ang ginawa o itinanim, mabuti rin ang aanihin.**

**Makabuluhang Tampok sa bawat Kabanata ng Nobelang El Filibusterismo ni Jose P. Rizal batay sa Elemento na Tauhan.** Makikita sa pag-aaral ang mga makabuluhang tampok sa bawat kabanata ng nobelang El Filibusterismo ni Jose P. Rizal batay sa elemento ng tauhan. Ang bawat kabanata ay may mga tauhan na naaangkop sa mga pangyayari sa nobela.

Ang mga nasabing natuklasan sa bawat kabanata ay may kaugnayan sa ang pag-aaral ni Pascual (2015). *Lalaki Sa Dilim: Isang Pagsusuring Journal*,

ito ay isang nobela na sumasalamin sa iba't ibang uri ng tao sa lipunan at kung paano kumikilos ang mga ito. Umiikot ang kwento sa ilang bagay na tumatalakay sa ilang panlipunang isyu ngayon. Unang bagay, nakita sa nobela kung paano gamitin ng mga may kapangyarihanang pera upang mapatakbo ang mundo, kung paano itinabingang pera sa pagkakasala, at kung paano itinuwid ng pera ang kabaluktutan. Sa nobelang El Filibusterismo ganito rin ang mga tauhang nangingibabaw sa bawat kabanata. Ginamit ng mga prayle o mga Dominikong pari ang kanilang kapangyarihan at posisyon upang lubos na makapagsamantala sa mga Indio o mga Pilipinong mag-aaral, makapagsamantala sa pangungulekta ng buwis at sa labis na pag-aabuso sa mga karapatang pantao noong panahon ng pananakop.

**Makabuluhang Tampok sa bawat Kabanata ng Nobelang El Filibusterismo ni Jose P. Rizal batay sa Elemento na Tagpuan.** Makikita sa pag-aaral ang mga makabuluhang tampok sa bawat kabanata ng nobelang El Filibusterismo ni Jose P. Rizal batay sa elemento ng tagpuan. Ang bawat kabanata ay may kanya-kanyang tagpuan na naaangkop sa mga pangyayari sa nobela.

Ang nasabing natuklasan ay may kaugnayan sa ginawang ppag-aaral ni VanHuist at Ybema (2019) na pinamagatang *"From What to Where: A Setting Sensitive Approach to Oraganizational Storytelling,"* ayon sa pag-aaral na ang tagpuan ng isang panitikan ay konteksto sa isang pangyayari kung saan ito ay nagbibigay ng kaugnayan sa lipunan. Ito ay nakatutulong nang alaki sa pagbuo ng namamayaning damdamin. Mahalagang maunawaan ang lugar, panahon at oras na pinangyarihan sa akda.

**Makabuluhang Tampok sa bawat Kabanata ng Nobelang El Filibusterismo ni Jose P. Rizal batay sa Elemento na Simbolismo.** Makikita sa pag-aaral ang mga makabuluhang tampok sa bawat kabanata ng nobelang El Filibusterismo ni Jose P. Rizal batay sa elemento ng simbolismo. Ang bawat kabanata ay may kanya-kanyang simbolismo na naaangkop sa mga pangyayari sa nobela.

Ang mga nasabing natuklasan sa bawat kabanata ay may kaugnayan sa ang pag-aaral ni Howard (2013) sa *Symbolism & Imagery in Literature: Definitions & Examples Video*, ang mga manunulat ay gumagamit ng simbolismo sa kanilang binuong mga akda. Ito ay upang mapaganda at mapataas ang interes sa pisang binuo. Sa pagdaragdag nito, nagkakaroon ng karagdagang pagpapalalim ng mga kahulugan ng isang akda.

Ayon naman sa pag-aaral ni Thomas (2013) sa kanyang pag-aaral na *Symbolism in Literature – Definition, Types & Examples Video,* ang simbolismo ay nasa lahat ng dako. Kapag may iba pang bagay na umiiral, may simbolismo. Ang simbolismo ay isang katangian ng pananalita na ginagamit sa isang gawain ng panitikan upang lumikha ng isang tiyak na damdamin. Ito ay maaaring gumamit ng isang bagay, tao, sitwasyon o salita sa panitikan upang kumatawan sa isang bagay maliban pa sa isang ideya.

## KONGkLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, natukoy ng mananaliksik ang mahahalagang elementong pampanitikan sa nobelang El Filibusterismo, na naglalarawan ng mga temang panlipunan, politikal, relihiyoso, at karapatang pantao. Ang bawat tauhan ay nagkaroon ng mahalagang papel na nagpapahayag ng mga pagpapahalagang moral tulad ng pagmamahal sa pamilya, pananalig sa Diyos, at pagkakaroon ng pag-asa sa kabila ng pagsubok. Ang kasanayan sa pagsusuri ng nobela ay nagbigay-daan sa mas malalim na pag-unawa ng damdaming makabayan, na nakakatulong sa pagtuturo ng panitikan sa mataas na antas at nakapagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto ng buhay at kasaysayan.

## REKOMENDASYON

Batay sa kinalabasan ng isinagawang pag-aaral, inilahad ng mananaliksik ang sumusunod na mga rekomendasyon;

1. Ibahagi ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito sa mga kinauukulan sa paaralang sekundarya sa Anda, lalo na't ang pag-aaral ay kalakip sa kurikulum na gingamit sa Departamento ng Edukasyon, upang makatulong at magamit ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino at magsilbing gabay sa pagsusuri ng mga nobela at iba pang akdang pampanitikan.
2. Gamitin ang sinuring akdang nobelang El Filibusterismo ni Jose P. Rizal sa pagtuturo ng nobela sa mga mag-aaral ng Junior High School sapagkat nagtataglay ito ng mga elemento, pagpapahalagang moral, at higit sa lahat, magdudulot ng malawak at makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.
3. Magsagawa ng mga gawaing pananaliksik na lilinang sa mapanuring pag- iisip ng mga mag-aaral.
4. Magsagawa ng paglilimbag sa social media sa mga awtput ng mga mag-aaral hinggil sa ginawang pagsusuri ng mga akdang panitikan.
5. Lalo pang kilalanin, pag-araalan at basahin ang bantog na nobelang isinulat ng ating pambansang bayani na si Jose P. Rizal upang higit na maunawaan at maisapuso ng mga mag-aaral ang mga kaisipan at aral na hatid ng kanyang mga akda upang higit nating maisapuso ang ating pagka Pilipino at mas mamukadkad ang dugong nasyunalismo.
6. Gawing hamon ng mga guro ang masigasig na pagtuturo ng mga nobela na naiakda ni Jose P. Rizal ng sa ganoon ay magkaroon ng sapat na panahon sa integrasyon ng aralin at mahubog ang nasyunalismo.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Allan (2006). *The Main Sociological Theories*. https://bit.ly/3jm9Z24

Howard, M. (2013). Symbolism & imagery in literature: Definitions & examples video. https://bit.ly/34oZ7qn

Pascual, B. P. [Benjamin]. (2015, March 11). LALAKI SA DILIM ni Benjamin Pascual: ISANG PAGSUSURI [Journal]. Lhesabante. https://bit.ly/3FDvPHl

Thomas, S. (2013). What is symbolism in literature? – Definition, types & examples video. https://bit.ly/33nnxk9

VanHuist & Ybema (2019) *"From What to Where: A Setting Sensitive Approach to Organizational Storytelling."* https://bit.ly/3Hd7HLZ